KSP (Karanasan sa Pandemya) Journal Hamon sa mga Mag-aaral Tungo sa Positibong Pag-aaral.

**MARVINA A. GONZALES**
GURO 1

**LOVELY F. GAUTANE**
GURO 1

**ELMA A. SABELLA**
GURO 1

PAARALANG ELEMENTARYA NG SOUTHVILLE 5

**ABSTRAK**

Ang paglaganap ng Pandemya sa bansa ay nagbunsod ng malaking hamon sa lahat, lalo na pagdating sa usaping pang edukasyon. Lubhang naapektuhan ang pag-aaral ng mga bata sa panahong ito. Ang kagawaran ng edukasyon kasama ang mga namumuno nito ay nagsulong ng mga alternatibong Sistema upang magpatuloy ang pag-aaral ng mga bata.

Nabuo ang aksiyong pananaliksik na KSP Journal upang maipahayag ng mga mag-aaral ang mga naging karanasan nila sa panahon ng pandemya sa piling ng kanilang pamilya, mga kabitbahay o pamayanan na may kaugnayan sa kanilang sarili. Sa pagsulat ng journal binigyang tuon ng mananaliksik ang Estruktura, Panulat lalo't higit ang Nilalaman na kung saan ito ay may kaangkupan, naaayon sa tema at may tamang ideya. Ang 30 mga mag-aaral mula sa Baitang 6 (Intermedya) ang napiling maging respondents. Sa loob ng tatlong buwan mula Agosto hanggang Oktobre 2022 ay gumawa at sumulat sila ng Journal tungkol sa mga karanasan nila sa panahon ng pandemya at paano ito nakaapekto sa kanilang pag-aaral.

Nakatulong ang paggawa ng Journal para maipahayag ang damdamin ng bawat isa. Ito ay naging isang paraan upang harapin ang bawat hamon at mapagtagumpayan ang mga hadlang. Isa rin ito sa nagsilbing gabay upang mapalawak pa ang kanilang mga kaalaman, bokabularyo at imahinasyon tungo sa mas maigting pang pakikibaka sa hamon ng buhay at pag-aaral.

Susing Salita: *KSP (Karanasan sa Pandemya), Journal*

**PANIMULA**

Lubhang naapektuhan ng pandemya ang mga tao sa buong mundo lalo na ang mga kabataan. Sa pagtataguyod ng Kagawaran ng Edukasyon, mga magulang para-teachers at guro ay napagtagumpayan ng mga mag-aaral lalo na sa elementarya ang hamon ng pandemya sa loob ng dalawang taon mula 2020 na lockdown. Grabe ang pasakit na dulot nito sa puso't isipan ng mga kabataan. May iba't ibang dulot ito sa mga kabataan sa kanilang buhay sa aspektong pisikal, emosyonal at mental na pangkalusugan..

Ang Paaralang Elementarya ng Southville 5 Timbao, na binubuo ng K-6. Sa kasalukuyan ay mayrooong 1000 mag-aaral ngayong panuruang 2022-2023 ang nakatala dito. Sila ay ginagabayan ng 29 guro na sa kanila ay nagtuturo katulong ang mga para teachers na mga magulang o kanilang tagapag-alaga.Sa Pag uumpisa ng klase ay Blended Learning ang Sistema ng pag-aaral dito, may ilang mga bata na Modular distance learning at ang ilan naman ay face to face. Pagsapit ng unang linggo ng Oktobre taong 2022 ay inumpisahan ang ganap na pagpapatupad ng face to face na Sistema ng pag aaral.

Ang mga mag-aaral sa Baitang 6 ay binubuo ng 129 na bata, at 30 sa mga ito ang napili at sumailalim sa Aksiyong Pananaliksik para sa KSP (Karanasan sa Pandemya) Journal Hamon sa mga Mag-aaral Tungo sa Positibong Pag-aaral.

Layunin nitong maipahayag ang mga karanasan, pagsubok at damdamin ng mga mag-aaral sa bawat hamon na kinaharap nila sa panahon ng pandemya. Ang mga naging karanasan nila sa panahong ito sa piling ng kanilang pamilya, mga kabitbahay o pamayanan na may kaugnayan sa kanyang sarili ang naging batayan sa pagsulat ng journal.

**PAMAMARAAN**

Sa pagsasagawa ng Aksyong Pananaliksik, nagkaroong ng pagpupulong sa pagitan ng guro at mag-aaral upang ipinaliwanag sa kanila kung ano ang ibig sabihin ng Journal, paano makakagawa nito at ano ang mga nilalaman ng isang Journal. Dahil na rin sa makabagong teknolohiya marami nang mga kabataan ang marunong gumamit ng gadyets na katulong para sa mas epektibong pag-aaral, sa pamamagitan nito naipaabot ang mensahin o aralin at natugunan ang ilan sa mga katanungan ng mag-aaral.

Gamit ang Modular Distance Learning at Face to Face na Sistema ng pag-aaral ay gumawa ang mga mag-aaral ng KSP Journal sa bahay at paaralan sa paggabay ng gurong tagapagturo sa Filipino.

Ang mga respondents sa ginawang Aksiyong Pananaliksik ay ang mga mag-aaral sa Baitang 6 sa Paaralang Elementarya ng Southville 5 Timbao. Sila ang mga batang malayang nagbasa, sumagot sa tanong at nagsulat para kanilang Dagdag na Gawain o Enrichment Activities.

Pumili ang guro ng pinakamahuhusay na mag aaral sa apat na seksyon ng 6-Rizal, 6-Del Pilar, 6-Mabini at 6-Bonifacio para maging respondent sa Aksiyong Pananaliksik na ito. Ang mga respondents ay susulat ng

KSP Journal isang beses sa isang Linggo tuwing araw ng Biyernes.

**KINALABASAN**

Sa tatlong buwan na pagsulat ng Journal narito ang kinalabasan ng Aksyong Pananaliksik.

Sa buwan ng Agosto. Mula sa rubriks na may puntos para sa mga sumusunod:

Nilalaman

5=10/33% 4= 14/47% 3=6/20% 2=0% 1=0%

Estruktura

5=4/13.3% 4=13/43.3% 3=13/43.3% 2=0% 1=0%

Panulat

5=4/13.3% 4= 6/20% 3=16/53% 2=4/13.3% 1=0%

Sa buwan ng Setyembre

Nilalaman

5=15/50% 4= 13/43% 3=2/7% 2=0% 1=0%

Estruktura

5=6/20% 4=17/57% 3=7/23% 2=0% 1=0%

Panulat

5=4/13.3% 4= 12/40% 3=13/43% 2=1/3.3% 1=0%

Oktobre ang huling buwan ng pagsulat /paggawa nila ng Journal.

Nilalaman

5=12/40% 4= 18/60% 3=0% 2=0% 1=0%

Estruktura

5=11/37% 4=17/57% 3=2/6% 2=0% 1=0%

Panulat

5=5/17% 4= 15/50% 3=5/17% 2=0% 1=0%

**PAGTALAKAY**

Mula sa mga Journal na ginawa ng mga bata gamit ang Blended Learning at natsek ng guro, gamit ang talahanayan at grap sa pag-aanalisa ng kinalabasan ng pagsasanay o interbensyon na ginawa sa pagsulat ng journal tungkol sa mga naging karanasan nila sa panahon ng pandemya.

Ginamit ang talahanayan at grap na nasa kompletong Aksiyong Pananaliksik sa pag-aanalisa ng kinalabasan ng pagsasanay o interbensyon na ginawa sa pagsulat ng KSP (Karanasan sa Pandemya) Journal Hamon sa mga Mag-aaral Tungo sa Positibong Pag-aaral.

Sa kabuuan ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 6 o 20% na mag-aaral ang may 3 puntos. 14 o 47% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 10 o 33 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na jpurnal. 24 o 80% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa **Nilalaman/Konteksto** ng isinulat na journal para sa buwan ng **Agosto.**

Ang kinalabasan ng **Estruktura** ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 13 o 43.3% na mag-aaral ang may 3 puntos. 13 o 43.3% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 4 o 13.3 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na journal. 17 o 57% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa

isinulat na journal para sa buwan ng **Agosto**.

Ang kinalabasan ng **Panulat** ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 4 o 13.3% na mag-aaral ang may 2 puntos. 16 o 53% na mag-aaral ang may 3 puntos 6 o 20% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 4 o 13.3 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na journal. 10 o 33% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa isinulat na journal para sa buwan ng **Agosto**.

Sa kabuuan ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 2 o 7% na mag-aaral ang may 3 puntos. 13 o 43% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 15 o 50 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na jpurnal. 28 o 93% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa **Nilalaman/Konteksto** ng isinulat na journal para sa buwan ng **Setyembre.**

Ang kinalabasan ng **Estruktura** ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 7 o 23% na mag-aaral ang may 3 puntos. 17 o 57% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 6 o 20 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na journal. 23 o 63% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa isinulat na journal para sa buwan ng **Setyembre**.

Ang kinalabasan ng **Panulat** ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 1 o 3.3% na mag-aaral ang may 2 puntos. 13 o 43% na mag-aaral ang may 3 puntos 12 o 40% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 4 o 13.3 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na journal. 16 o 53% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa isinulat na journal para sa buwan ng **Setyembre**.

Sa kabuuan ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 18 o 60% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 12 o 40 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na jpurnal. 30 o 100% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa **Nilalaman/Konteksto** ng isinulat na journal para sa buwan ng **Oktobre.**

Ang kinalabasan ng **Estruktura** ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 2 o 6% na mag-aaral ang may 3 puntos. 17 o 57% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 11 o 37 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na journal. 28 o 93% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa isinulat na journal para sa buwan ng **Oktobre**.

Ang kinalabasan ng **Panulat** ng 30 respondents sa ginawang Aksyong Pananaliksik, 5 o 17% na mag-aaral ang may 3 puntos 15 o 50% naman ang nakakuha ng 4 na puntos. Samantalang 10 o 33 % ang nakaabot sa 5 puntos sang-ayon sa nilalaman ng kanilang isinulat na journal. 25 o 83% ang nakaabot sa lubusang pagkatuto sa isinulat na journal para sa buwan ng **Octobre**.

Makikita ang pagtaas ng porsyento sa bawat pamantayan na ginawa ng mananaliksik kada buwan. Mas napaunlad ng mag-aaral ang kanilang kakayahan at kahusayan sa pagsusulat ng Journal at naihayag ang kanilang mga hamon na naranasan sa panahon

ng pandemya at kung paano nila napagtagumpayan ang kanilang pag-aaral sa kabila nito.

**PAGKILALA**

Kinikila ng gurong mananaliksik ang mga sumusunod na personalidad
Ang aking mga kapatid na sina Emman E. Fazon at Lyra E. Fazon
Mga magulang at mga batang respondents sa Baitang 6.
Mga kasamahang guro sa SV5 Timbao, lalo't higit sa mga guro sa Baitang 6
Gng. Milagros D. Naval,Gng. Elma A. Sabelle at Gng. Marvina A. Gonzales mga gurong kasama sa pananaliksik.
Gng. Lucy Balasabas, Guro III/OIC ng SV5ES Timbao
G. Erwin P. Legasto, PSDS ng Distrik Klaster IX
Dr. Raquel L. Azur, Pansangay na Tagamasid sa Filipino
G. Edward R. Manuel, Senior Education Program Specialist-Planning and Research
G. Bayani Enriquez, Chief-SGOD
Gng. Mary Ann Tatlongmaria, Chief CID
Gng. Edna F. Agustin, SDS DepEd Binan City

Lalo't higit sa Panginoong Jesus na nagbibigay ng lakas at karunungan para maisagawa ang aksyong paananaliksik na ito

**SANGGUNIAN**

DepEd ORDER No. 18. S. 2017

DO_s2020_014 , June 22, 2020_ 0015 or the Risk-Based Public Health

Briones , education ministers unite to e ensure learning continuity amid COVID-19